
2

# MTB-MLE

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3 : Kasingkahulugan at Kasalungat ng Pang-uri



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**MTB-MLE – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 3: Kasingkahulugan at Kasalungat ng Pang-uri**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng kagamitan. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito. Walang anomang parte nito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Lizel G. Arico |
| **Editor:** | Marie Ann C. Ligsay PhD |
| | Ma. Lilybeth Bacolor EdD |
| | Liza D. Santos |
| **Tagasuri:** | Blesilda D. Fontanilla EdD |
| | Rosanna P. Damaso |
| **Tagaguhit/Tagapag-anyo:** | Margie E. Fuertes |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong PhD, CESO V |
| | Librada M. Rubio PhD |
| | Ma. Editha R. Caparas EdD |
| | Nestor P. Nuesca EdD |
| | Manolito B. Basilio EdD |
| | Garry M. Achacoso |

**<u>Inilimbag sa Republka ng Pilipinas sa Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III</u>**
Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center,
Maimpis, City of San Fernado (P)
Telephone Number: (045) 598-8580 to 89:
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# MTB-MLE

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3 : Kasingkahulugan at Kasalungat ng Pang-uri

## Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang MTB-MLE ng Ikalawang Baitang ng Alternative Delivery Mode(ADM) Modyul para sa araling Kasingkahulugan at Kasalungat ng Pang-uri (MT2GA-IVbc-2.4.2).

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahon sa kabilang pahina sa pinakakatawan ng modyul.

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa MTB-MLE ng Ikalawang Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Kasingkahulugan at Kasalungat ng Pang-uri (MT2GA-IVbc-2.4.2).

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |

| | |
|---|---|
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.

4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay nagbibigay ng mga makabuluhang gawain na tiyak na makatutulong upang mapalawak ang iyong kaalaman at mapaunlad ang mataas na antas ng kaisipan.

Ang mga akda at mga gawain na nakapaloob dito ay lubos na makatutulong upang iyong maunawaan ang tungkol sa Kasingkahulugan at Kasalungat ng Pang-uri.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. nakatutukoy ng kasingkahulugan at kasalungat ng mga pang-uri; at
2. nakapagbibigay ng salitang kasingkahulugan at kasalungat ng pang-uri.

### *Ang mga Tala para sa Guro*

Ang mga akda at gawain na matatagpuan sa modyul na ito ay masikap na ginawa upang matulungan ang mga mag-aaral na nasa Ikalawang Baitang.

Sapat na paggabay ang kinakailangan habang sinasagutan ng mag-aaral ang mga pagsasanay hanggang matamo ang kasanayang makapagbigay ng kasingkahukugan at kasalungat ng pang-uri.

## *Subukin*

Panuto: Punan ng wastong pang-uri ang patlang bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel papel.

1. mabilis: matulin
   mabagal: __________ (makupad, maagap)
2. maliwanag: madilim
   malakas: __________ ( masipag , mahina)
3. maingay: __________ (tahimik, masaya)
   malinaw: malabo
4. mabuti: __________ ( masama, mabait)
   masaya: maligaya
5. mataas: mababa
   luma: __________ (bago, malinis)

Para sa Tagapagdaloy: Ipasagot sa mag-aaral ang paunang pagsusulit. Ipagpatuloy lamang ang mga gawain kung hindi nasagot ang lahat nang tama.

# Aralin 1 Kasingkahulugan at Kasalungat ng Pang-uri

Ang pang-uri ay nagbibigay katangian sa tao, bagay, hayop at pangyayari. Ito ay may katumbas na mga salitang kasingkahulugan at kasalungat.



## *Balikan*


Panuto: Piliin at isulat sa papel ang pang-uri na ginamit sa pangngusap.



1. Ang bulaklak ng Sampaguita ay
A B
sadyang mabango.
C D



2. Masikip na ang aking pantalon.
A B
Sadyang lumaki na nga ako.
C D



3. Nakatutuwa ang paglubog ng araw.
A B C D



4. Paboritong gamitin ni Ate Ana ang
A B
malambot niyang unan.
C D



5. Nag-uwi si Mang Ambo ng matamis na
A B C
mangga.
D

## Tuklasin

Panuto: Basahin at unawain ang tula. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Ang Aking mga Kaibigan
ni Lizel G. Arico



Heto na, heto na
ang maamong si Muning;
Palaging sa akin
ay tunay na malambing.


Aw!Aw! tahol naman
ng mabagsik na si Tagpi;
Matapang naming bantay
sa paligid ng aming bahay.





Sa umaga, tumitilaok
ang maagap na si Mat Manok
Upang ang batang makupad
ay mawala ang antok.

Hayun naman si Kally Kalabaw,
masipag na tunay;
Hindi kailanman naging tamad
na kasama ni tatay.



Pag-unawa sa binasa:

1. Ano-anong mga hayop ang nabanggit sa tula?
   a. pusa, aso, manok, kalabaw
   b. aso, tupa, kalapati, kuneho
   c. manok, kabayo, unggoy, pabo
   d. kalabaw, ibon, kabayo, kalapati

2. Mula sa tula, piliin ang mga katangiang ginamit sa mga sumusunod na hayop.
   a. Muning - ______________, _______________
   b. Tagpi- ______________, _______________
   c. Mat Manok- ______________, _______________
   d. Kally Kalabaw- ______________, _______________

3. Ang hayop ay itinuturing na kaibigan dahil ito ay __________.
   a. malambing at mabagsik
   b. maagap at masipag
   c. kaibigan ng lahat ng tao
   d. nagbibigay saya

## *Suriin*

Panuto: Basahin ang mga linya mula sa tulang *Ang Aking mga Kaibigan.*

1. Heto na, heto na ang maamong si Muning
   Palaging sa akin ay tunay na malambing.
2. Aw!Aw! tahol naman ng mabagsik na si Tagpi
   Matapang naming bantay sa madilim na gabi;
3. Sa umaga, tumitilaok ang maagap na si Mat Manok
   Upang ang batang makupad ay mawala ang antok
4. Hayun naman si Kally Kalabaw, masipag na tunay
   Hindi kailanman naging tamad na kasama ni tatay.

Ang mga salitang may salungguhit sa bilang 1 at 2 ay:
maamo-malambing        mabagsik-matapang

Ang mga ito ay pang-uring magkasingkahulugan.

Ang magkasingkahulugan ay mga salitang magkapareho o magkatumbas ang ibig sabihin o kahulugan.

Ang mga salitang may salungguhit sa bilang 3 at 4 ay:
maagap-makupad        masipag- tamad

Ang mga ito ay pang-uring magkasalungat.

Ang magkasalungat ay mga salitang taliwas o hindi magkapareho o magkatumbas ang ibig sabihin o kahulugan.

# Pagyamanin

**A.** Panuto: Pag-aralan ang mga pares ng pang-uri. Iguhit sa sagutang papel ang ♡♡ kung ito ay magkasingkahulugan at ♡ kung magkasalungat.

1. malakas - mahina
2. mahaba - maikli
3. mataas - matarik
4. maginaw - malamig
5. mababaw - malalim


**B.** Panuto: Isulat sa sagutang papel ang kasingkahulugan at kasalungat ng mga pang-uri na nasa araw. Piliin ang sagot sa kahon.

1.




| |
|---|
| maligaya<br>malungkot<br>matapat<br>maganda |

2.





masikip
maluwang
sobra
kulang

3.





magulo
masinop
mayabong
mabango

4.




maalinsangan
malamig
malabo
malinaw

5.




| |
|---|
| magaling |
| mahina |
| malakas |
| malasa |

C. Panuto: Lapatan ang tula ng tonong *Leron, Leron Sinta*. Pagkatapos awitin, palitan ang mga salitang may salungguhit ng katumbas na kahulugang nasa kahon.

| | | | |
|---|---|---|---|
| tama | mabuti | sagana | maligaya |

Tayo Na't Mag-aral
(Tono: Leron Leron Sinta)
ni Lizel G. Arico

Tayo na't mag-aral
mga kamag-aral.
Mabait nating guro
nakahanda na po.
Maraming gawain
ating haharapin.
Isip na matalas
ay ating makamtan.

Kuwaderno'y ilabas
Humanda sa pagsulat
Ng ating aralin
Ating pagbutihin
Mag-aral nang wasto
Nang tayo'y matuto.
Pangarap at pag-asa
Buhay ay masaya.

D. Panuto: Hanapin sa kahon ang kasingkahulugan at kasalungat ng mga sumusunod na pang-uri. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Halimbawa:

| | Kasingkahulugan | Kasalungat |
|---|---|---|
| kulang | kaunti | sapat |


| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| m | t | r | g | h | a | k | a | u | n | t | i | m | t | r |
| a | s | a | p | a | t | m | r | t | k | e | t | s | o | p |

| | Kasingkahulugan | Kasalungat |
|---|---|---|
| 1. mabaho | ________________ | ________________ |
| 2. tahimik | ________________ | ________________ |
| 3. simple | ________________ | ________________ |
| 4. mataas | ________________ | ________________ |
| 5. mabagal | ________________ | ________________ |

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| m | a | b | a | n | g | o | r | x | s | s | f | y | b |
| d | h | l | k | m | a | s | a | n | g | s | a | n | g |
| s | h | a | d | p | a | y | a | p | a | n | v | t | w |
| m | a | g | u | l | o | r | s | d | f | g | c | v | b |
| p | a | y | a | k | d | s | h | k | l | m | b | s | e |
| k | g | m | a | g | a | s | l | a | w | b | u | l | o |
| a | m | a | t | a | r | i | k | m | a | b | a | b | a |
| m | a | k | u | p | a | d | f | m | a | b | i | d | r |
| k | i | o | p | s | a | m | a | b | i | l | i | s | j |

E. Panuto: Basahin at unawain ang kuwento. Pagkatapos, sagutin ang sumusunod na tanong.

Masaya ang Magbasa!
ni Lizel G. Arico



Araw ng Lunes, nagbigay ng takdang-aralin sa mga mag-aaral ang mabait na guro ng ikalawang baitang na si Gng. Marites C. Ponce. "Kailangan pala nating pumunta sa silid-aklatan," sabi ni Maegan sa kaniyang mga kaibigang sina Marchelle at Princess.

Pumunta ang magkakaibigan sa silid-aklatan ng kanilang paaralan upang magbasa.

Maluwang ang kanilang silid-aklatan at maraming mga bata ang tahimik na nagbabasa.

Maraming natutuhan ang mga magkakaibigan sa kanilang binasa. Handa na sila sa takdang-araling ipakikita sa kanilang guro.

Masaya silang umalis sa silid-aklatan. Napatunayan nilang masaya pala ang magbasa.

Pag-unawa sa Binasa:

1. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?
   a. Maegan, Marchelle, Princess
   b. Maegan, Chloe, Jerome
   c. Marchelle, Jezie, Lizel
   d. Sonia, Tony, Gng. Marites

2. Bakit pumunta ang magkakaibigan sa silid-aklatan?
   a. Ang magkakaibigan ay pumunta sa silid-aklatan upang magkuwentuhan.
   b. Ang magkakaibigan ay pumunta sa silid-aklatan upang magbasa.
   c. Ang magkakaibigan ay pumunta sa silid-aklatan upang makinig sa guro.
   d. Ang magkakaibigan ay pumunta sa silid-aklatan upang kumain.

3. Sa kuwentong iyong binasa, ibigay ang mga kasalungat ng mga sumusunod na pang-uri:
   a. mabait ________________
   b. maluwang ________________
   c. tahimik ________________
   d. marami ________________

F. Panuto: Piliin sa kabilang kolum ang kasingkahulugan ng pang-uri. Isulat sa sagutang papel ang sagot.

| Pang-uri | Kasingkahulugan |
|---|---|
| 1. labis | sobra, kakaunti |
| 2. tunay | kunwari, totoo |
| 3. malupit | mabagsik, maamo |
| 4. makinang | mapurol, makintab |
| 5. masarap | malasa, matigas |

G. Panuto: Basahin ang pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang kasalungat na salita ng bawat pang-uri. Piliin ang sagot sa panaklong.

1. Ang ampalaya ay <u>mapait</u>. Ang hinog na mangga naman ay ____________. (matamis, maasim, maalat, mapakla)
2. <u>Mababaw</u> ang tubig sa batis samantalang ang sa dagat ay _____________. (malayo, malalim, malawak, masikip)
3. <u>Sapat</u> na ang naipong binhi ni Mang Berting para sa kaniyang pagtatanim ngunit ang kay Mang Pedro ay _______________ pa. (marami, kulang, sobra, katamtaman)
4. <u>Ligtas</u> ang mga taong sumusunod sa tamang gawain para sa kalinisan ngunit __________________ (mapanganib, maayos, malapad, tahimik) naman para sa mga hindi nagsasagawa nito.
5. <u>Mataas</u> ang puno ng niyog. Ang puno naman ng bayabas ay _______________.
(mababa, matarik, malayo, malapit)

**H.** Panuto: Mula sa pang-uri na nasa hanay A, hanapin ang kasalungat na kahulugan sa hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. deretso | a. mahina |
| 2. malakas | b. liko- liko |
| 3. malapot | c. malambot |
| 4. matigas | d. mainit |
| 5. malamig | e. malabnaw |



## *Isaisip*

Panuto: Buoin ang pangungusap. Piliin ang tamang sagot sa panaklong.

1. Ang ______________ay pang-uri na magkapareho o magkatumbas ang kahulugan. (magkasingkahulugan, magkasalungat)

2. Ang ____________ ay pang-uri na magkaiba o taliwas ang ibig sabihin. (magkasingkahulugan, magkasalungat)

3. Ang makapal at manipis ay halimbawa ng mga pang-uri na ___________. (magkasingkahulugan, magkasalungat)


4. Ang mataas at matarik ay halimbawa ng mga pang-uri na ___________. (magkasingkahulugan, magkasalungat)

5. Ang _____________ ay salitang nagbibigay katangian sa isang tao, bagay, hayop, pook at pangyayari. (pang-uri, pang-abay)




## *Isagawa*


Panuto: Tukuyin ang nasa larawan na ipinakikita sa bawat pangungusap. Piliin ang sagot sa panaklong at isulat sa sagutang papel.

1. Ako ay  , __________________ (liko, matulis, malaki, mataba) ang aking panulat.

2. Ako ay  ‘, ______________ (marami, kaunti, matibay, marupok) ang aking puno.

3. Ako ay  , ___________ (mapait, matamis, maalat, maanghang) ang aking lasa.

4. Ako ay  , ________________ (maliwanag, madilim, malabo, matalim) ang sikat .

5. Ako si  , ______________ (mabilis, mabagal, matulin, madali) ang aking galaw.



## *Tayahin*

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang tamang salita mula sa magkapares na pang-uri upang mabuo ang pangungusap.

| | | |
|---|---|---|
| makapal-manipis | mabait-masama | masaya-malungkot |
| marumi-malinis | malayo-malapit | |

1. __________________ ang pahina ng isa kong kuwaderno samantalang itong isa ay ______________.
2. Mula sa aming bahay, ____________ pa ang aking lalakarin patungong paaralan. Kung ito ay _____________, hindi na sana ako mahihirapan pang maglakad.
3. Ang aking kaibigan ay _________________. Kaya hindi ako magiging ______________ sa kaniya.

4. _______________ si Chloe sa natanggap niyang regalo. Si Maegan naman ay ____________ dahil wala siyang natanggap.

5. ____________ na ang hangin dahil sa mga usok. Dapat nating gawing ___________ ang ating paligid.

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Basahin ang tula. Ilapat ang kasingkahulugan at kasalungat na salita na pang-uri sa mga salitang may salungguhit. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Payo ni Nanay
ni Lizel G. Arico



"Ang pagbabasa ay ugaliin,"
Laging payo ni nanay sa akin.
Tiyak na ito ay pakikinabangan,
Isipang matalas ay makamtan.

Sabi niya pagpasok sa paaralan,
Sa tuwina'y sumali sa talakayan;
Sa gurong masipag, aking kaibigan,
Mahusay na turo ay tatandaan.

Si nanay na mabait ay nagpapaalala,
Pag-aaral ay pahalagahan sa tuwina;
Ang buhay na maganda ay makikita,
Kaya payo niya ay susunding talaga.

| Kasingkahulugan | Pang-uri | Kasalungat |
| --- | --- | --- |
| 1. ____________________ | matalas | __________________ |
| 2. ____________________ | masipag | __________________ |
| 3. ____________________ | mahusay | __________________ |
| 4. ____________________ | mabait | __________________ |
| 5. ____________________ | maganda | __________________ |

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin:**

1. makupad
2. mahina
3. tahimik
4. mabait
5. bago

**Balikan:**

1. d
2. a
3. a
4. c
5. c

**Tuklasin:**

1. pusa, aso, manok, kalabaw
2. tumitilaok ang manok
3. a. maamo
   b. mabagsik
   c. masipag

**Pagyamanin:**

*A.*

1. 1puso
2. 1 puso
3. 2 puso
4. 2 puso
5. 1 puso

***B.***

1. madumi
   kasingkahulugan: marungis
   kasalungat: malinis

2. makapal
   kasingkahulugan: mabulto
   kasalungat:manipis

3. maayos
   kasingkahulugan: masinop
   kasalungat: magulo
4. mainit
   kasingkahulugan: maalinsangan
   kasalungat: malamig
5. matalino
   kasingkahulugan: magaling
   kasalungat: mahina

*C.*

1. mabuti
2. sagana
3. tama
4. maligaya

*D.*

| Kasingkahulugan | Kasalungat |
|---|---|
| 1.masangsang | mabango |
| 2.payapa | magulo |
| 3.ampaw | mabigat |
| 4.matarik | mababa |
| 5.makupad | mabilis |

*E.*

1. Marchelle, Princess, Gng. Ponce
2. Nagpunta sila sa silid-aklatan upang magbasa at hanapin ang sagot sa kanilang takdang aralin. Opo. Nasiyahan ako sa aking pagbabasa dahil marami akong natutunan.

3. a. matapang
   b.masikip
   c.magulo
   d.kaunti
   e.malungkot

**F.**

1. sobra
2. totoo
3. mabagsik
4. makintab
5. malasa

**G.**

1. matamis
2. malalim
3. kulang
4. mapanganib
5. mababa

**H:**

1. b
2. a
3. e
4. c
5. d

**Isaisip:**

1. magkasingkahulugan
2. magkasalungat
3. magkasalungat
4. magkasingkahulugan
5. salitang naglalarawan

**Isagawa**

1. matulis
2. marumi
3. mapait
4. maliwanag
5. mabagal

**Tayahin:**

1. makapal-manipis
2. malayo-malapit
3. mabait-masama
4. masaya- malungkot
5. marumi-malinis

**Karagdagang Gawain**

mahusay, mahina
maagap, tamad
magaling, mahina
mabuti, masama
mabuti, pangit

# *Sanggunian*


Carandang, Leah. "Mga Pang – Uring Magkasingkahulugan At Magkasalungat MTB-MLE3 Kuwarter 4: Linggo 2 – Ikatlong Araw (Grammar Awareness GA)". Deped LR Portal, 2019. https://lrmds.deped.gov.ph/detail/15200.

Flores, Hazel. "Mga Pang Uring Magkasingkahulugan o Magkasalungat 4". Scribd, 2015. https://www.scribd.com/doc/268143851/Mga-Pang-Uring-Magkasingkahulugan-o-Magkasalungat-4.

Ghaz, Sandy. "MAIKLING KWENTO: 5 Halimbawa ng Maikling Kwento Na May Aral". Philippine News, 2018. https://philnews.ph/2018/12/04/maikling-kwento-5-halimbawa-maikling-kwento-aral/.

Gumarang, Allysa Abbygail. "Mga Salitang Magkasingkahulugan". Slideshare.Net, 2014. https://www.slideshare.net/flamerock/mga-salitang-magkasingkahulugan.

Morphez, Jenylyn. "K to 12 Curriculum Guide ENGLISH". Academia.Edu, 2019. https://www.academia.edu/25170923/K_to_12_Curriculum_Guide_ENGLISH.

Jordan, Monette. "Pang Uri Magkasing-Kahulugan Flashcards | Quizlet". Quizlet, 2019. https://quizlet.com/35516523/pang-uri-magkasing-kahulugan-flash-cards/.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph *blr.lrpd@deped.gov.ph